


Filipino sa Piling Larang (Isports)

**Unang Semestre – Modyul 2:
Sanaysay ukol sa mga Katawagan at
Ekspresyong Pang-isports**



Filipino sa Piling Larang (Isports) – Baitang 12

Alternative Delivery Mode

Unang Semestre – Modyul 2: Sanaysay ukol sa mga Katawagan at Ekspresyong Pang-isports

Unang Edisyon, 2020

Republic Act 8293, section 176 states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by the Department of Education

Secretary:

Undersecretary:

Assistant Secretary:

Development Team of the Module

Authors:	Mary Jane G. Pensocas
Editor:	John Albert B. Colle
Reviewers:	Mariel Eugene L. Luna
Illustrator:	Mary Jane G. Pensocas
Layout Artist:	May L. Borjal
Management Team:	Malcolm S. Garma, Director IV Dr. Jennifer F. Vivas, CLMD Chief Dennis M. Mendoza, Regional EPS In-Charge of LRMS Micah S. Pacheco, Regional ADM Coordinator Madeline Ann L. Diaz, CID Chief Dr. Gina U. Urquia, EPS In-Charge of LRMS Mariel Eugene L. Luna, EPS and Division ADM Coordinator

Printed in the Philippines by _____

Department of Education – NCR

Office Address: Misasmis St., Bago Bantay, Quezon City

Telefax: 02-929-0153

E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

12

**Filipino sa Piling Larang
(Isports)
Unang Semestre – Modyul 2:
Sanaysay ukol sa mga Katawagan at
Ekspresyong Pang-isports**

This instructional material was collaboratively developed and reviewed by educators from public and private schools, colleges, and or/universities. We encourage teachers and other education stakeholders to email their feedback, comments, and recommendations to the Department of Education at action@deped.gov.ph.

We value your feedback and recommendations.

Panimulang Mensahe

Para sa mga Tagapagdaloy:

Ang unang module na ito ay magsisilbing alternatibong kagamitan sa panimula ng kurso na idinisenyo upang makatulong na matugunan ang minimithi ng Kagawaran ng Edukasyon na mabigyan ng mataas na kalidad ng edukasyon ang lahat ng mga mag-aaral na Pilipino. Upang maisakatuparan ang layuning ito, nilikha ang module na ito at magsisilbing kagamitan na makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob o labas ng silid-aralan.

Ang gurong tagapagdaloy ng module na ito ay kinakailangang maging handa sa pagpapaliwanag sa kanyang mga mag-aaral ng mga tiyak na layunin, gawain, at inaasahang output upang matiyak ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Makatutulong din ang pagbibigay ng oryentasyon sa mga mag-aaral, magulang, o mga tagagabay tungkol sa kahalagahan ng pagsasakatuparan ng mga gawain sa loob ng module na ito. Ang kagamitang ito ay pag-aari ng Kagawaran ng Edukasyon kaya't pinapayuhan ang mga tagapagdaloy na magtagubilin sa gagamit nito na ingatan ang module. Iwasang tupiin o pilasin ang mga pahina, dumihan, basain, o alinmang kauri nito na makapipinsala sa kagamitan. Huwag din itong pasulatan ng mga sagot sa mga mag-aaral, at sahalip, ipasulat ang mga sagot o Gawain sa bukod na papel. Tiyaking masasagutan ng mga mag-aaral ang bawat palatuntunan ng module kagaya ng mga pagsusulit, gawain, at mga pagsulat.

Para sa mga Mag-aaral:

Ang huling module na ito ang pinal na gawain para sa kursong ito. Ang lahat ng iyong kasanayan sa pagbasa ng mga tekstong akademiko ay inaasahang natamo mo na sa yugtong ito ng iyong pag-aaral. Inaasahan sa iyo na ikaw ay makabubuo na ng iyong sariling panimulang pananaliksik batay sa mga paksa o suliraning iyong namamasid. Ang pananaliksik na iyong isusulat ay maikli lamang at ang layunin nito ay maipamalas mo ang iyong kasanayan sa pagsulat gamit ang asosasyon ng iyong mga karanasan at kasanayan sa pagbasa. Pinapayuhan kang maging masigasig at matiyaga sa pagsulat ng huling output na ito gaya ng iyong natutuhan mula sa mga naunang module. Iyong tandaan ang mga hinihinging katangian ng isang mananaliksik upang ikaw ay magabayan sa pagtatapos ng output na ito. Ipinaaalala rin sa iyo na gumamit ka ng panibagong papel sa pagsusulat at panatiliing malinis ang huling module na ito gaya ng mga naunang module.




Alamin

Idinesenyo at binuo ang araling ito upang matulungan ka sa pagkatuto ng sanaysay ukol sa mga katawagan at ekspresyong pang-isports. Nilalayon nitong iyong matamo ang mga kaalaman tungkol sa pagsulat ng isang anyo ng sulating isports.

Mula sa araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang maisasagawa ang sumusunod:

- Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong pang-isports na may kaugnayan sa piniling sulatin (CS_FI11/12PT-0g- i-96).



Subukin

Panuto: Piliin ang letra ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa patlang.

- | | |
|---------------------|----------------|
| A. Sports injury | D. RICE Method |
| B. Acute injuries | E. NSAID |
| C. Chronic injuries | |

- _____ 1. Ito ay mula sa sobrang paggamit ng bahagi ng katawan sa isports o pag-eehersisyo nang mahabang oras.
- _____ 2. Maaari itong gamitin sa pagbibigay ng paunang lunas. Ito ay pagpapahinga o paglalagay ng yelo o cold compress.
- _____ 3. Ang mga pinsala na nangyayari habang isinasagawa ang pag-eehersisyo o isang isports.
- _____ 4. Isang lunas sa mga sports injuries ang pag-inom ng niresetang gamot ng iyong doktor gaya ng non-steriodal anti-inflammatory drug.
- _____ 5. Ito ay tumutukoy sa pinsalang maaaring mangyari o makuha sa oras ng pag-eehersisyo o paglalaro ng isang isports.

Aralin 2

Sanaysay ukol sa mga Katawagan at Ekspresyong Pang-isports



Balikan

Magbigay ng kilalang manlalaro sa larangan ng isports na hinihingi sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Volleyball- _____
2. Basketball- _____
3. Tennis- _____
4. Billiard- _____
5. Golf - _____



Tuklasin

Sanaysay ukol sa mga Katawagan at Ekspresyong Pang-isports

Panuto: Hanapin ang mga salita sa loob ng kahon at bilugan ito. Ibigay ang kahulugan ng mga salitang ito.

B	U	W	A	Y	A	Q	L	V	D	X	V	B
A	X	A	T	G	Q	X	U	V	I	X	O	I
Q	N	Q	Q	A	Q	Q	P	X	N	V	V	N
A	S	G	Q	X	L	V	E	Q	U	S	X	A
Z	X	W	A	A	A	O	T	Q	G	X	M	K
N	B	Q	A	S	Z	X	V	Z	A	N	X	U
S	D	Q	F	F	V	B	N	A	S	Q	A	R
Q	U	A	X	W	B	S	D	A	L	M	Q	A
S	U	P	A	L	P	A	L	Q	W	L	M	N

Nahanap na Salita	Kahulugan	Sanggunian
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		



Suriin

Sa larangan ng pagsulat, nangangailangan ng mayamang bokubularyo ng mga salita ang isang manunulat. Ito ang kaniyang paraan upang maipahayag nang akma at malikhain ang kaniyang isusulat. Sa ganitong paraan din masusukat ang kakayahan ng isang manunulat sa lawak ng mga termonolohiyang kaniyang ginagamit. Nakatutulong din ito sa mahusay na pagkaunawa ng mga taong nakakabasa ng kaniyang isinulat.

Ang aralin ay tumatalakay sa ilang sanaysay sa mga katawagan at ekspresyong pang-isports. Tatalakayin din sa araling ito ang ilang pamamaraan sa paglalarawan ng isang larong pang-isports. Aalamin mo kung paano ang mga salitang naglalarawan ay makatutulong sa mahusay na akdang pang-isports.

Alam mo ba na...

Ang **paglalarawan** ay isang pagpapahayag ng mga impresyon o kakintalang likha ng mga pandama?

Sa pamamagitan ng pang-amoy, panlasa, pandinig, at pansalat, itinatala ng sumusulat ang paglalarawan ng mga detalye na kanyang namasid o kaya'y nakatawag ng kanyang pansin.

MGA KATANGIAN NG PAGLALARAWAN:

1. Pagpili ng paksa: tao ang nakararaming paksang paglalarawan.
Ang tao ay lagi nang naakit at nagkakaroon ng kawilihan sa ibang tao. Inilalarawan natin ang tao sa kanyang hitsura, kulay, at tangkad o sukat ng katawan. Kasama sa maari nating ilarawan ang kanyang ugali, paniniwala at paninindigan sa buhay at ang kanyang pagkatao.
2. Pagpili ng pananaw: ito ay pagtingin o pasasaalang-alang ng sumusulat sa tao o bagay ba inilalarawan. Ito'y maaring ayon sa agwat o layo ng bagay o tao na inilalarawan o ayon naman sa

pagtingin sa paksa ayon sa sariling palagay at damdamin ng sumusulat.

3. Pagbuo ng pangunahing larawan: magagawa ito sa pamamagitan ng tamang pagmamasid. Ang pangunahing o batayang larawan muna ang mabubuo ayon sa kaanyuan, kalinisan, kaayusan o kabuuan ng bagay na inilalarawan.
4. Pagpili sa mga sangkap: pagkatapos na Makita ang pangunahing larawang namasid, pipiliin naman ang mga bahaging bumubuo sa pangunahing larawan. Dito na mapipili ang mga bahaging ikinaiiba ng tao sa mga kauri nito.
5. Banggitin ang layunin ng paglalarawan: bawat pagsulat ng paglalarawan ay may taglay na layunin. Naglalarawan kaba para magpakita ng bagay o tao? O naglalarawan ka para makapagbigay ng impormasyon o kaalaman.

MGA URI NG PAGLALARAWAN:

May dalawang panlahat na uri ng paglalarawan: karaniwang paglalarawan at masining na paglalarawan.

Karaniwang paglalarawan: layunin ng paglalarawang ito na magbigay- kaalaman tungkol sa isang bagay ayon sa ayos at anyo ng bagy na inilalarawan at ayon na rin sa pangkalahatang pangmalas ng naglalarawan.

Masining na paglalarawan: ang ganitong paglalarawan ay pumupukaw ng guniguni bukod sa nagpapabatid. Pinagagalaw ng awtor ang damdamin at isipan ng mambabasa.

MGA TERMINOLOHIYANG PANG-ISPORTS

Ang mahusay na manunulat ng sulating pang-isports ay nangangailangan ng malawak na kaalaman sa terminolohiya o mga salitang pang-isports upang mailarawan niya nang mahusay ang laro/isports na binabalita o sinusulat.

Ang pitak na pang-isports ay gumagamit ng sariling jargons o terminolohiya para sa iba't ibang laro/isports. Karaniwang **pandiwang**

naglalarawan ang ginamit upang magbigay ng kulay at atensyon ang akdang pang-isports

Malayang magagamit ang mga salitang Ingles sa pagsulat ng artikulong pang-isports sapagkat wala pang katumbas ang mga ito sa isports lingo ng Filipino.

Narito ang ilan pang mga termibolohiyang maaring gamitin sa pagsulat ng akdang pang-isports:

Para sa basketbol: (basketball)

gol o buslo (goal), dribol (dribble), rebaun (rebound); unang kalahati (first half), ley-ap (lay-up), quintet, technical foul, 15-foot line, hook shot, zone defense, tip-in, full court press, goaltending baseline board, out-of-bounds, dominated the paint.

Para sa beisbol at sopbol (baseball at softball)

Diamond, pitser (pitcher), katser (catcher), back stop, deep cente, struck out, lower fourth, shoutout, hitless inning, hit or homerun, one bagger, two baggers, force out, scorcher, fly back, pitcher's mound upperthird, lower fourth flier, rolling ball, umpire, bunt, slide, short, stop, fielder, southpaw, nohit-run fanned out, pegged at third deep center, a scorcher to left out field.

Para sa valeybol (volleyball)

Mala-dagis na mservice, mala-pusang spike, mala-kidlat na toss, spayk (spike), pleyasing (placing), change court, kil (kill), Chinese kill, block, netball, wallop, jump serve, spayker (spiker) serber (server)

Para sa tennis at Badminton

Best of three matches, surfeit services, straight set, singles, smash cut, backhand, drive doubles, racket, forehand, love set.

Para sa field

Heaved the shotput, hurroied thw javelin, threw the discus, hop step and jump, broad jump, high or long jump, pole vault, Grecian disc

Para sa track

Dashes- 100-200-80m Run; 200-400; 800 at 150m

Hurdles- 110m high 400m low at 80m low

Para sa golf


Caddy, club, putt course o links, green, tee

Para sa swimming

Tankers, naiads, aquabelle, breast stroke, side stroke, back stroke, tank, plunge, springboard

Para sa boksing (boxing)


Southpaw, slugger, rabbit punch, kidney punch, referee stopped contest (rsc), technical knockout, featherweight.



Pagyamanin


Panuto: Manood ng isang balitang pang-isports at magtala ng mga salita o bokabularyo sa kanilang isports na ginamit sa balita. Ang mga salitang nakuha ay bigyang-kahulugan. Isulat mo ito sa isang bukod na papel.

Mga Katawagan at Ekspresyong Pang-Isports	Kahulugan	Sanggunian
1.		
2.		
3.		



Isaisip

Sa pamamagitan ng Hierarchy Chart, magbigay ng halimbawa ng terminolohiyang ginagamit sa isports na hinihingi.



Isagawa

Panuto: Bumuo ng isang maikling glosaryo ng mga katawagan at ekspresyong pang-isports tungkol sa paborito mong isports. Magtala ng hindi bababa sa dalawampung (20) salita at bigyan ito ng kahulugan.

Mga Pamantayan sa Pagpupuntos	
1. Nilalaman ng Sulatin	40%
2. Pagkakaayos ng Kaisipan	30%
3. Orihinalidad	20%
4. Kalinisan sa Pagsulat	10%
Kabuuan	100%



Tayahin

Panuto: Kilalanin mo ang sumusunod na salita at tukuyin kung saang isports ginagamit ang mga salitang ito. Piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon.

- _____ 1. technical foul
- _____ 2. straight set
- _____ 3. broad jump
- _____ 4. umpire
- _____ 5. club
- _____ 6. tankers
- _____ 7. dashes
- _____ 8. love set
- _____ 9. court Press
- _____ 10. dribol


Basketbol	Tennis at badminton	Field
Beisbol at sopbol	Golf	Swimming
		Track



Karagdagang Gawain

Gumupit ng isang balitang isports mula sa pahayagan. Itala mo ang mga katawagan at ekspresyong pang-isports na iyong natagpuan at bigyan ito ng kahulugan.

Katawagan at Ekspresyong Pang-Isports	Kahulugan	Sanggunian
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. D 2. A 3. C 4. B 5. A	Tayahin 1. Basketbol 2. Tennis at badminton 3. Field 4. Beisbol at sopbol 5. Golf 6. Swimming 7. Track 8. Tennis at badminton 9. Basketbol 10. Basketbol
--	---

MgaSanggunian

Filipino sa Piling Larang Isports: Kagamitan ng Mag-aaral. (2016).
Kagawaran ng Edukasyon. Republika ng Pilipinas.

Viola, Bennedick T. (2016). Filipino sa Piling Larangan Isports. Malabon
City: Jimczyville Piblications.

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education –(Bureau/Office)

(Office Address)

Telefax:

Email Address: